# *Ang Kinabukasan ng ating ng mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 1*

***"1 Nang ikatlong taon ng paghahari ni Joacim na hari sa Juda, ay dumating sa Jerusalem si Nabucodonosor na hari sa Babilonia, at kinubkob niya yaon. 2 At ibinigay ng Panginoon sa kaniyang kamay si Joacim na hari sa Juda, sangpu ng bahagi ng mga kasangkapan ng bahay ng Dios; at ang mga yao'y dinala niya sa lupain ng Sinar sa bahay ng kaniyang dios: at ipinasok niya ang mga kasangkapan sa silid ng kayamanan ng kaniyang dios. 3 At ang hari ay nagsalita kay Aspenaz, na puno ng kaniyang mga bating, na siya'y magdala ng ilan sa mga anak ni Israel, sa makatuwid baga'y sa lahing hari at sa mga mahal na tao; 4 Mga binatang walang kapintasan, kundi may mabubuting bikas, at matatalino sa lahat na karunungan, at bihasa sa kaalaman, at nakakaunawa ng dunong, at may ganyang kakayahan na makatayo sa palacio ng hari; at kaniyang tuturuan sila ng turo at wika ng mga Caldeo. 5 At ipinagtakda ng hari sila ng bahagi sa araw sa pagkain ng hari, at sa alak na kaniyang iniinom, at sila'y kakandilihin na tatlong taon; upang sa wakas niyao'y mangakatayo sila sa harap ng hari. 6 Na sa mga ito nga, sa mga anak ni Juda, si Daniel, si Ananias, si Misael, at si Azarias. 7 At pinanganlan sila ng pangulo ng mga bating: kay Daniel ang ipinangalan ay Beltsasar, at kay Ananias ay Sadrach; at kay Misael ay Mesach; at kay Azarias ay Abed-nego." (Daniel 1:1-7 KJV)***

Mula sa ating binasa, kung gayon inaasahan natin na ipagtatangol ng Dios si Joacim at ililigtas siya mula sa kamay ni Nabucodonosor, ngunit nakita natin dito ang kabaligtaran na ibinigay ng Dios si Joacim sa kamay ng kanyang mga kaaway ang mga taga Babilonia. Bakit ginawa iyon ng Dios? Sinasabi ng Banal na Kasulatan sa atin ang sumusunod: ***"36 Si Joacim ay may dalawangpu't limang taon nang magpasimulang maghari: at siya'y nagharing labing isang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Zebuda na anak ni Pedaia na taga Ruma. 37 At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon, ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang mga magulang." (2 Hari 23:36-37 KJV)*** Dahil gumawa ng masama si Joacim sa paningin ng Dios, kaya naman ibinigay ng Dios siya sa kanyang mga kaaway. Ang templo ng Dios at ang kanilang pamumuhay ay puno ng mga dios diosan at kasalanan at kaya naman ipinahintulot ng Dios na maganap ang gayon.

Gumawa ang Dios sa kanila ng huwaran sa kanilang buhay na kailangan nilang sundin. Sa Kautusan ni Moises ang lahat ng mga aspeto ng kanilang buhay ay kasangkot at kailangan nilang sumunod at mahigpitan. Maging sa atin ngayon hinigpitan tayo at hindi natin maaring gawin ang ating pansarili. Kaya naman nagbabasa tayo ng Bibliya at nag aaral ng Salita ng Dios at isinasagawa sa ating buhay upang hindi tayo magkasala laban sa Dios.

***"1 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2 Iyong salitain kay Aaron, at sa kaniyang mga anak, at sa lahat ng mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Ito ang iniutos ng Panginoon, na sinasabi, 3 Sinomang tao sa sangbahayan ni Israel, na pumatay ng baka, o kordero, o kambing sa loob ng kampamento, o pumatay sa labas ng kampamento, 4 At hindi dinala sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, upang ihandog na pinaka alay sa Panginoon, sa harap ng tabernakulo ng Panginoon: ay dugo ang ipararatang sa taong yaon; siya'y nagbubo ng dugo; at ang taong yaon: ay ihihiwalay sa kaniyang bayan: 5 Upang ang mga anak ni Israel ay magdala ng kanilang mga hain, na inihahain sa kalawakan ng parang, sa makatuwid baga'y upang kanilang dalhin sa Panginoon, sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, sa saserdote, at ihain sa Panginoon na mga pinakahandog tungkol sa kapayapaan. 6 At iwiwisik ng saserdote ang dugo sa ibabaw ng dambana ng Panginoon, sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, at susunugin ang taba na pinakamasarap na amoy sa Panginoon. 7 At huwag na nilang ihahain ang kanilang mga hain sa mga kambing na lalake na kanilang pinanaligan. Magiging palatuntunan nga magpakailan man sa kanila sa buong panahon ng kanilang lahi." (Levitico 17:1-7 KJV)*** Dito sinabi ng Dios sa kanila na hindi na nila magagawa ang kanilang pansarili kundi dalhin ang kanilang mga handog sa tabernakulo ng kapisanan kung saan ang mga seserdote ay ginagawa at sinunod ang kautusan ng Dios. Bago ibinigay ni Moises ang kautusan ng Dios ginagawa nila ang kanilang kagustuhan at inihahandog nila ang kanilang mga alay sa bukas na parang o sa kampo at kung saan itinuturing na inialay sa mga demonyo, ngunit matapos nilang tanggapin ang kautasan ng Dios hindi sila maaring magpatuloy na gawin ang kanilang pansarili kundi pumunta sa mga seserdote na magsisiyasat ng kanilang mga handog at para saan ang kanilang inihahandog sa Dios. Samakatuwid hindi nila maaring sabihin sa seserdote ito ay sa kaarawan ng aking anak o ito ay sa Pasko, sa pagdiriwang ng Bagong Taon, ito ay pagsasaya para sa pagpapaalam, o Araw ng Ama, Araw ni Molech, Araw ni Ashtaroth, Araw ng mga Patay, Araw ng mga Puso, o ito ay anibersaryo ng aming kasal, at iba pa. Ang mga seserdote ay nasa tabernakulo ng kapisanan ay hindi para sa ganyan at hindi nila ipapahintulot ang gayong walang kabuluhang bagay upang maganap.

Ang katulad dito para sa simbahan ng Dios hindi tayo para sa naturang mga bagay ng pinagmulan ng dios dios at kasiyahan. Tayo bilang simbahan, itinituro namin sa iyo ang Salita ng Dios at naglalagay ng mga tuntunin mula sa Banal na Kasulatan na ang lahat sa atin ay kailangang sundin. Ang taong ay 'Kanino mo inihahandog ang mga bahagi ng iyong katawan? ***"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya***

***sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba." (Roma 12:1 KJV)*** Kahit maliliit na bagay mahalaga, tulad ng mga pagbati ng kaarawan, panonood ng walang kapararakang bagay sa YOU tube, paglalagay ng make up, pagkakaroon ng kasintahang lalake, pagkakaroon ng kasintahang babae, etc, lahat ng ganyang handog ay sa mga demonyo at hindi sa Dios tulad ng ating babasahin, ***"7 At huwag na nilang ihahain ang kanilang mga hain sa mga demonyo, matapos na kayo'y nagpatutot. Magiging palatuntunan nga magpakailan man sa kanila sa buong panahon ng kanilang lahi." (Levitico 17:7 KJV)*** Sa paggawa niyon ikaw ay nasa espirituwal na pangangalunya na nagpakapatutot sa mga demonyo, at kaya samakatuwid makakarating ka at kakagatin ng apoy ng impierno. Pakimarkahan sa iyong Bibliya ang ***Levitico 17:7***, at ilagay sa iyong isipan na kung ano ang iyong ihahandog na mga bagay na salungat sa Banal na Kasulatan kung gayon ay inihahandog mo ang mga ito sa mga demonyo.

***"8 At sasabihin mo sa kanila, Sinomang tao sa sangbahayan ni Israel, o sa mga taga ibang bayan na nakikipamayan sa kanila, na naghandog ng handog na susunugin o hain, 9 At hindi dinala sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, upang ihain sa Panginoon: ay ihihiwalay nga ang taong yaon sa kaniyang bayan." (Levitico 17:8-9 KJV)*** Kaya naman palagi naming itinuturo at naglalagay ng mga tuntunin batay sa Salita ng Dios, at inaalis ang gayong mga bagay mula sa ating simbahan na naghandog sa mga demonyo. Maari mong sabihin ang mga ito'y maliliit na bagay, at bakit ang mga pastor sa aming simbahan ay napaka higpit tungkol dito, o bakit ipinahihintulot ng ibang mga simbahan. Ngunit sinabi ng Banal na Kasulatan inihandog ang mga ito at ginawa sa mga demonyo. Ang simbahan sa America ay nagsimula sa maliliit na bagay ngunit ang maliliit na bagay ay naging malaki at ang malaki ay naging napakalaki at ngayon sila'y napaka nangunguna sa mga bagay na inihandog sa mga demonyo, hanggang sa puntong naabot nila ang homosekswal at transgender na pag aasawa.

Hindi ako mahigpit ngunit isinasagawa ko ang Salita ng Dios. Mayroong ilan na hanggang sa puntong sila'y nanalangin para sa akin na maging hindi masyadong mahigpit, at maging alisin ako bilang kanilang pastor at hanggang sa ngayon. Ang gayong panalangin ay inihandog sa mga demonyo at hindi sa Dios. Nilulusob ako ng mga demonyo paminsan minsan, ngunit patuloy akong susunod sa Dios at hindi ako makikipagkompromiso sa sinuman. Kung sinoman ang sumuway, hindi ibig sabihin na pinpahintulutan ko ang taong iyon o nakipagkompromiso ako sa kanya, ngunit siya na sumuway sa Dios ay tatanggapin niya ang bunga ng gayong kasalanan. At ang mga sumusunod ay ang aking tagubilin at babala sa gayong tao. Makinig kung hindi ka magsisisi kalaunan ay ibibigay ka ng Dios sa iyong mga kaaway gaya nang ibinigay Niya si Joacim at Juda sa kanilang mga kaaway, sa mga Taga Babilonia.

Makinig sa akin Simbahan ng Dios Tennessee Cleveland kung hindi kayo magsisisi hindi lamang kayo ibibigay ng Dios sa inyong mga kaaway, kundi ibibigay Niya kayo sa mga demonyo hanggang sa impierno kung patuloy kayong sasamba sa dios-diosan, imoralidad, at pagpaparaya sa homosekswal at transgender.

Ang kinabukasan ng ating mga anak ay nasa ating mga kamay kaya magsisi sa lahat ng iyon mga kasalanan upang ang iyong mga anak ay hindi mangyari sa kanila ang nangyari kina Daniel,Ananiaz, Misael, at Azarias. Sila'y binihag, mga alipin sa ibang bansa, malayo sa kanilang pamilya, maging ang kanilang pangalan ay pinalitan na lumuluwalhati sa Dios sa mga pangalan na lumuluwalhati sa tao at sa mga demonyo.

Ang lahat ng kanilang mga pangalan ay kaugnay sa Dios ngunt pinalitan nila sa makamundong mga pangalan at lumuluwalhati sa tao at sa mga demonyo. Isipin mo pinangaalan mo ang iyong anak at pinalaki siya ng Josue pagkatapos tatawagin siyang Krishna, o pinangalanan mo ang iyong anak na Daniel at tatawagin nila siyang Buddha, o Jose at papangalan nila siyang Mohammed. Napakasakit at nakakahiya na pangyayari, ngunit ipinahintulot iyon ng Dios para sa kasalanan ng Kanyang bayan. Ipinahintulot nila ang mga dios-diosan at demonyo sa kanilang buhay at kaya ang mga dios-diosan at mga demonyo ay bumalik upang lusubin ang kanilang mga anak. Ang kahulugan ng Daniel ay *'ang Dios ang aking hukom'* at binigyan nila siya ng pangalang 'Beltazar', na nangangahulugang *'Sino ang nalulugod at iningatan ng dios na si bel'*, ito ay demonyo ang sinasamba ng mga taga Babilonia, na dios ni Nabucodonosar gaya ng mapapagtanto natin mula sa ***Daniel 4:8 "Nguni't sa kahulihuliha'y dumating sa harap ko si Daniel, na ang pangala'y Beltsasar, ayon sa pangalan ng aking dios, at siyang kinaroroonan ng espiritu ng mga banal na dios: at aking isinaysay ang panaginip sa harap niya, na aking sinasabi,"*** Ang kahulugan ng Ananiaz ay *'May awa ang Dios'* o *'pinalakas sa pamamagitan ng kanyang Dios'*, at binigyan nila siya ng pangalang Shadrac, na ibig sabihin ay *'ang isa pinalakas ni rach'* at ang rach ang pangalan ng dios ng araw, ng ito ay katulad sa dios ng araw na kinuha ng simbahan ng Katoliko at isinama sa loob ng simbahan bilang Pasko. Ang kahulugan ni Misael ay *'Sino ang Dios',* at binigyan nila siya ng pangalang 'Meshach'; na ang ibig sabihin ay *'sino ang katulad ni ach'* at ach ay nangangahulugang ang dios ng venus, ang dios ng mga babae. Maaring pangalan ng babae ito at lalaki si Mishael at pinangalanan siya ng pangalan ng babae. Ang kahulugan ng Azarias ay *'tinulungan ni Jehova'*, binigyan nila siya ng pangalang 'Abednego', na ang ibig sabihin ay *'alipin ni Nebo'*, ang pangalan ng ibang dios ng mga taga Babilonia. Kaya sa kabuuan iba't ibang pangalan na inalis ang pangalan ng Dios mula sa kapulungan ni haring Nebucodonosor at iniugnay ang kanilang mga panganlan sa mga demonyo. Dapat ituro ng

simbahan at ipaliwanag ang gayon mula sa Banal na Kasulatan upang linawin sa mga magulang kung ano ang magiging bunga ng kanilang kamunduhan, pakikikompromiso, at paghahandog nila sa mga dios-diosan at demonyo at ang masamang epekto nila sa kanilang mga anak, inapo at ang salinlahing darating. Ang simbahang tatanging ituro ang gayon ay isang patutot na simbahan.

Ano ang aasahan natin at para saan na tatawagin nilang Daniel, *'Ang Dios ang aking hukom'* o Ananias *'May awa ang Dios' o pinalakas sa pamamagitan ng Dios'*, o Misael, *'Sino ang Dios'* o Azarias, *'Tinulungan ni Jehova',* sa kapulungan ni Nebucodonosor kung saan winasak na ng mga taga Babilonia ang Templo ng Dios at binuwag ang mga pader ng Jerusalem, at dinala ang lahat ng mga kasangkapan ng templo sa bahay ng kanilang dios, at ipinahintulot ng Dios iyon dahil sa kasalanan ng Kanyang bayan. Kaya ngayon inalis nila ang pangalan ng Dios mula a kapulungan ni Nebucodonosor kaya naman pinalitan nila ang kanilang mga pangalan.

Ang kanilang mga anak ay kinuha mula sa kanila at nagtapos sa bilangguan sa Babilonia. * Ang susunod na aking sasabihin ay sa mga nagmamalaki na ipinadala ang kanilang mga anak upang mamuhay sa UK, USA, Canada, atbp, iniisip na iyon ang makakabuti: Hindi iyon kundi ang sumpa ng Dios sa kanila ay maulila sila sa kanilang mga anak. Hindi ko sinasabi ang gayon sa iba kundi sa mga nagmamalaki sa kanilang kamunduhan at kung gayon ang kanilang mga anak sa naturang mga lugar, na hindi sila kundi sa mga kapulungan ng mga tao at mga demonyo. * Tinawag tayo na huwag ipadala ang ating mga anak sa gayong mga lugar kundi palakihin sila sa makaDios na paraan para makarating sa Langit.

At anong mga uri ng paghihirap na pinagdaanan ng mga anak ng mga Judio? Kumakain sila ng mga pagkaing inihandog sa mga dios-diosan, sila'y umiinom ng alak, binago nila ang kanilang mga pangalan at iniugnay ang mga ito sa mga demonyo, kinailangan nilang sabihin ang kanilang panaginip kay Nebucodonosor at ipaliwanag ito upang iligtas ang kanilang buhay, at kailangan nilang sumamba sa imahe na itinayo ng hari kung hindi sila'y itatapon sa nagbabagang apoy, at kailangan nilang manalangin para sa hari para sa isang buwan at hindi sa Dios kung hindi itatapon sila sa bibg ng mga lion. Kakilakilabot na buhay at pagsubok ang pinagdaanan nila dahil sa pagsamba sa dios diosan at pagsuway ng kanilang mga magulang at ng kanilang ninuno; at iyon ang kahindik hindik na kinabukasan na inihahanda mo para sa iyong mga anak kung hindi ka magsisisi at mamumuhay ng matuwid.

Ang kinabukasan ng ating mga anak ay nasa ating mga kamay kaya naman kailangan mong talagang magsisi at magpakabait upang hindi magdusa ang iyong mga anak ng gayong malupit na katapusan.

Sinabi natin ang tungkol kay Joacim na gumawa ng masama, ngayon sasalitain natin ang tungkol sa isa pang tao, si Haring Ezechias na gumawa ng matuwid sa paningin ng Dios, ***"1 Nangyari nga, nang ikatlong taon ni Oseas na anak ni Ela na hari sa Israel, na si Ezechias na anak ni Achaz na hari sa Juda ay nagpasimulang maghari. 2 May dalawangpu't limang taon siya nang magpasimulang maghari; at siya'y nagharing dalawangpu't siyam na taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Abi na anak ni Zacharias. 3 At siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, ayon sa lahat na ginawa ni David na kaniyang magulang." (2 Hari 18:1-3 KJV)*** Si Ezechias ay iniligtas mula sa hukbo ng mga Asyriano; pinagaling din siya ng Dios at dinagdagan pa ng 15 taon ang kanyang buhay. Ngunit basahin natin kung paanong siya'y kumilos nang ipinadala ng taga Babilonia ang kanilang namumuno upang batiin siya para sa natanggap niyang kagalingan. ***"12 Nang panahong yaon ay si Berodach-baladan, na anak ni Baladan, na hari sa Babilonia, ay nagpadala ng mga sulat at ng kaloob kay Ezechias: sapagka't kaniyang nabalitaan na si Ezechias ay nagkasakit. 13 At dininig ni Ezechias sila, at ipinakita sa kanila ang buong bahay ng kaniyang mahalagang mga bagay, ang pilak, at ang ginto, at ang mga espesia, at ang mahalagang langis, at ang bahay na taguan ng kaniyang sandata, at ang lahat na nasusumpungan sa mga kayamanan niya: walang anoman sa kaniyang bahay, o sa buong kaniyang sakop, na hindi ipinakita sa kanila ni Ezechias. 14 Nang magkagayo'y naparoon si Isaias na propeta sa haring Ezechias, at nagsabi sa kaniya, Anong sinasabi ng mga lalaking ito? at saan nagsipanggaling na napasa iyo? At sinabi ni Ezechias, Sila'y nagsipanggaling sa malayong lupain, sa makatuwid baga'y sa Babilonia. 15 At kaniyang sinabi, Anong kanilang nakita sa iyong bahay? At sumagot si Ezechias. Lahat na nasa aking bahay ay kanilang nakita: walang anomang bagay na nasa aking mga kayamanan na di ko ipinakita sa kanila." (2 Hari 20:12-15)*** Dito kapag nabasa mo na maaring wala kang makikita na ganoong anumang masama kundi kung ano lamang ang mabuti. At sasabihin ko sa iyo kung hindi ka magbabasa pagkatapos, at kung hindi ito nakasulat ay maaring hindi natin makita na ang ginawa niya ay masama. Ngunit si Ezechias ayon sa Banal na Kasulatan ang ginawa niya ay pagmamalaki at pagpapakitang gilas at ipinakita kung paanong siya ay makamundo. Hindi niya sinabi sa kanila ang tungkol sa Dios at kung paanong Siya ang nagligtas at nagpagaling sa kanya kundi nagmalaki sa kung anong mayroon siya. Gayundin iniwan siya ng Dios magisa upang siyasatin kung ano ang nasa loob niya at para lumabas ang totoo niyang kulay, ***"31 Gayon ma'y sa bagay ng mga sugo ng mga prinsipe sa Babilonia, na nangagsugo sa kaniya upang magusisa ng kagilagilalas na gawa sa lupain ay pinabayaan siya ng Dios upang tikman siya, upang kaniyang maalaman ang lahat na nasa kaniyang puso." (2 Cronica 32:31 KJV)*** Nagsugo si Ezechias para kay propeta Isaias nang dumating ang mga taga Asiria upang salakayin siya kasama ang kanilang hukbo. Si

Isaias din ay kasama niya nang siya ay magkasakit at malapit nang mamatay, ngunit dito ay hindi siya nagpadala para sa kanya. Bakit? Dahil alam niyang sasabihin sa kanya ni Isaias na 'Huwag! Ezechias huwag mong gawin ang mga ganyan'. * Ang parehong paraan ni Isaias ay sinunod ko: 'Huwag! Huwag gawin ang ganyan'. Walang party, walang pagdiriwang, walang pagpapakitang gilas, at ang lahat ng aking mahabang listahan ng 'Huwag' Kaya naman ang ilan ay hindi lumalapit sa akin dahil alam nila ang aking sagot. * Kung nakita mo ang iba ay kumikilos katulad ni Ezechias huwag isipin na pinapayagan ko ang ganoon, ngunit siya o niya ay ginagawa lamang ang kanyang pansarili. Hindi rin ipinadala ng Dios si propeta Isaias sa pasimula kundi ipinadala pagkatapos nilang umalis sa gayo'y lumabas ang nasa loob niya. Kapag nakalabas na sila ng simbahan ay makikita ko na ang tunay nilang kulay, makikita ko sa facebook nila, Merry Christmas, happy birthday, ang Christmas tree at pagkuha ng litrato gamit ang puno, ang lipstick, ang make up, ang hubad na damit, ang pagkain sa mga restawran, ang pagmamalaki, atbp. Para sa kanila ang simbahan ay bilangguan dahil nila maihandog ang kanilang buhay sa mga demonyo dahil hindi natin pinahintulutan sila na gawin ang kanilang pansarili. Kaya nang sla'y umalis namuhay sila sa kalayaan. * Ngunit ano ang kalayaan, at ano ang susunod pagkatapos ng mga kaguluhan; ang kanilang ipon ay mababawasan dahil inilalaan nila ng kanilang pera sa kanilang dios-diosan, pinipigilan nila ang kanilang mga ikapu at handog kaya ang mananakmal ay papasok sa kanilang buhay at kalaunan sila'y mangungutang at magkakautang, at ipapakilala ang lahat ng uri ng kaguluhan sa kanilang mga anak tulad ng nangyari kina Daniel, Ananias, Misael, at Azarias. * Ganito rin ang pagsulong ng kahirapan kapag iniwan ng mga tao ang mga daan ng Dios at sumunod sa mga demonyo, mawawala ang kanilang mga kayamanan na ibinigay sa kanila ng Dios at magtatapos sa kahirapan na kanilang ililipat sa kanilang mga inapo.

Sinaway si Ezechias sa pamamagitan ng propetang si Isaias na nagsabi at nanghula sa kanya ng bunga ng gayong kasalanan na maliit sa paningin ni Ezechias gaya ng pagsaway ko sa iyo para sa iyong mga kasalanan at ilan sa inyo ay minamaliit ang aking mga payo sa inyo. At ilagay din sa iyong isipan na ang maliliit na bagay at magiging malaki at ang malaki ay magiging napakalaki. Ating basahin ang sinabi ni Isaias sa kanya: ***"16 At sinabi ni Isaias kay Ezechias, Dinggin mo ang salita ng Panginoon.17 Narito, ang mga kaarawan ay dumarating, na ang lahat na nangasa iyong bahay, at ang itinago ng iyong mga magulang hanggang sa araw na ito, ay dadalhin sa Babilonia: walang maiiwan, sabi ng Panginoon. 18 At ang ilan sa iyong mga anak na magmumula sa iyo na iyong ipanganganak, sila'y dadalhin; at sila'y magiging bating sa bahay ng hari sa Babilonia." (2 Hari 20:16-18 KJV)*** At iyon ay tunay na naganap sa kung anong nakasalut at binasa natin sa ***Daniel 1:1-7.*** Kinuha nila ang lahat ng mga kayamanan sa Jerusalem at ang mga kasangkapan sa templo ng Dios at dinala sa bahay ng dios ni Nebucodonosor sa Babilonia. Kinuha rin nila ang mga maharlika ng Jerusalem at ang mayamang mga binhi, kaya naman mauunawaan natin ngayon kung bakit ibinigay ng Dios si Joacim ang hari ng Juda, ang mga kasangkapan sa bahay ng Dios, ang mga anak ng Israel, at ang mga binhi at prinsepe ng hari, at mga anak ng Juda, na kabilang sina Daniel, Ananias, Mishael, at Azarias, sa mga kamay ng mga taga Babilonia na naging mga bating na nangangahulugang mga opisyales sa kapulungan ng hari ng Babilonia. Sinasabi ko sa inyo ang katotohanan, kung hindi kayo magsisisi, ang iyong mga kayamanan at ang inyong mga anak ay ibibigay sa mga demonyo at sa iyong mga kaaway at sa huli ay magtatapos sa impierno.

Si Ezekias ay makasarili at hindi inisip na ang kanyang pagsuway na ginawa niya ay labag sa Dios na hindi hangad sa kanya na ipakita ang kanyang mga kayamanan sa mga taga Babilonia. Maging pagkatapos noon ay minaliit niya ang babala ni Isaias ang propeta na ang naturang ginawa niya ay nagbukas ng pinto ng mga kaguluhan sa lahat ng kaharian ng Juda, sa kanyang mga prinsepe at sa kanyang binhi. Maging sa ngayon ang lahat ng mga pagsaway at pagpapayo na tinatanggap mo mula sa akin ay batay sa Salita ng Dios para sa iyong mga kasalanan at maling gawain at minamaliit mo ang mga iyon, ang gayong pag uugali ay magbubukas ng pintuan ng mga kaguluhan sa iyo at para sa iyong mga anak at salinlahi pagkatapos mo. Huwag maging makasarili, ang iyong kapabayaan sa mga pagpapayo at pagtutuwid ay magdadala ng pinsala sa iyong mga inapo gaya ng nangyari sa mga inapo ni Ezechias.

Hindi nagsisi si Ezechias sa kanyang pagmamalaki at walang paggalang niyang pagsagot sa propetang si Isaias na tumulong sa kanya ng higit sa panahon ng mga kaguluhan, ngunit nang siya'y guminhawa sinimulan niyang gawin ang kanyang pansariling kagustuhan at hindi nagpaalam kay Isaias para sa kanyang opinyon nang ang mga namumuno ay bumisita sa kanya, at nang sinaway siya ng propeta ay hinamak niya ang pasaway na iyon sa kanyang nagmamalaking pagsagot, ***"19 Nang magkagayo'y sinabi ni Ezechias kay Isaias, Mabuti ang salita ng Panginoon na iyong sinalita. Kaniyang sinabi, bukod dito, Hindi ba, kung magkakaroon ng kapayapaan at katotohanan sa aking mga kaarawan?" (2 Hari 20:19 KJV)*** Sa pagsagot niya ay ipinakita na siya'y nagmamalaki; sinabi niya na siya'y pinagpala ng kapayapaan sa kanyang panahon ngunit hindi isinasaalang alang ang magaganap sa susunod na salinlahi at ng kanyang mga inapo. Hindi niya isinasaalang alang na magsisi sa ginawa niyang mali sa ikinilos niya sa mga namumuno ng Babilonia at kahit ang kanyang pagmamalaki at walang paggalang sa lalaki ng Dios na nagbabala sa kanya. Kaya, pagkatapos ng pagsaway ni Isaias at hindi nagsisi si Ezecias doon tinupad ng Dios ang kanyang Salita sa katapusan ng pamamahala ni Joacim. Ayon sa aking pagbibilang mula sa Kasulatan, ito ay naganap pagkatapos ng 110 na mga taon. Ang maling ginawa ni Ezechias ay maaring maliit tingnan sa kanyang paningin, at maaring maliit din sa iyong

paningin ngunit iyon ay malaki sa paningin ng Dios. Hindi iyon pagkakamali ni Daniel, Ananiaz, Mishel, at Azarias ngunit iyon ay pagkakamali ng kanilang mga ama at ninuno. Kaya magsisi upang ang iyong mga anak at ang iyong mga inapo ay hindi magdusa sa pagkawasak at kaguluhan.

Nakatanggap ako ng marami katulad ng tinanggap ng propetang si Isaias mula kay Ezecias. Marami ang magaling sumagot sa akin, ng walang paggalang, ng may pag iinsulto, pamamaliit, at panunuya, ngunit ang aking malasakit ay ang mangyayari sa kanila at sa kanilang mga anak, at ito ang aking malasakit ngayon sa mensaheng ito.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Ang iyong maliit na kasalanan ng pagkakaroon ng mga kaibigan paglalagay ng make up, panonood sa facebook, paggawa ng maliit na party, maliit na pagmamalaki, pagkakaroon ng kasintahang lalaki, pagkakaroon ng kasintahang babae, pagsisinungaling, pagdiriwang ng mga bagay na wala sa kalendaryo ng Dios ay karumal dumal sa paningin ng Dios. Gayundin gaya ng sinabi natin ang maliit ay magiging malaki at ang malaki ay magiging napakalaki at maraming pang pagkasira sa kabanalan at sa daan ng kasamaan at pakikipagkompromiso at ang ganoon ay magdadala ng poot ng Dios sa iyo.

Ingatan ang mensahe at magsisi upang ang iyong mga anak, mga inapo at mga salinlahi ay hindi magdusa. Isaalang alang mabuti ang babala ng mensahe, magsisi at baguhin ang iyong mga landas bago mahuli ang lahat, upang ang poot ng Dios ay hindi dumating sa iyo. Ang kinabukasan ng ating mga anak ay nasa ating mga kamay. Magsisi at magpakabait. Lumapit ngayon at ihandog ang iyong buhay sa Dios.
Tayo ay manalangin….

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita na nagpayo sa akin na magsisi at baguhin ang aking mga landas at talikdan ang aking mga kasalanan upang ang kinabukasan ng aking mga anak, inapo at salinlahi ay matamo. Panginoon salamat para sa iyong kabutihan at katapatan at salamat para sa lahat ng iyong pagpapala sa aking buhay, Panginoon salamat para sa lahat ng mga pagsaway at pagtutuwid na aking tinanggap sa mensaheng ito.*

*Ngayon magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi at talikdan ang iyong naantalang pagsunod. Magsisi sa iyong pagmamalaki, pagmamayabang at pagpapakitang gilas. Magsisi sa iyong pagkamakasarili at kawalan ng malasakit sa susunod na salinlahi. Magsisi at talikdan ang iyong kamunduhan at paggawa ng iyong sariling kagustuhan at plano at hindi ang kalooban ng Dios. Magsisi at talikdan ang iyong pagnanasa at ang iyong imoralidad, ang iyong pagsamba sa mga dios diosan at ang iyong espirituwal na pangangalunya at paghahandog sa mga demonyo. Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong pakikipagkompromiso, kasamaan, kasakiman at ang lahat ng iyong mga iniidolo. Magsisi at talikdan ang iyong kakulangang manalangin at pagbabasa ng Bibliya. Magsisi sa pakikisama sa hindi mga mananampalataya at paglalaan ng higit na oras sa iyong mga kaibigan, at sa Media, mga Balita, at laro. Magsisi sa pagiging masamang halimbawa, pagpili ng maling pagpipilian at masamang katiwala, at iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa sa Kanya. Panginoon patawarin ako, Ako'y nagsisisi at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan* _________________

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili upang ipatupad ang aking natutunan sa mensaheng ito, na patuloy akong lalakad sa makipot na daan na itinalaga mong daanan ko, Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na gawin ang iyong kalooban at ang iyong plano sa akin. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na turuan ang aking pamilya at mga anak ng iyong Salita at ng iyong mga landas. Panginoon ako'y nagtitiwala sa iyo na habang tatalima ako sa iyo at palakihin ang aking mga anak sa pagkatakot sa iyo na bibigyan mo ng mabuting kinabukasan ang aking mga anak at poprotektahan at maglalaan para sa kanila.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na napagtanto nila ang kanilang mga kasalanan at nagsisi mula sa doon at ipinangako ang kanilang buhay na gawin ang iyong kalooban at maglingkod sa iyo at ipamuhay ang estilo ng buhay na nais mong ipamuhay nila. Panginoon sagutin ang kanilang pananalangin, protektahan sila, tulungan silang dumaan sa mga pagsubok na kinaharap nila sa kanilang buhay, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan sa gayo'y patuloy silang maglingkod sa iyo. Panginoon gamitin ang kanilang buhay bilang isang patotoo sa iba upang sundin ka. Panginoon dalangin ko na patuloy mong disiplinahin ang mga tao at mga simbahan na sumuway sa iyo at sa mga namumuhay at ginagawa ang kanilang sariling kagustuhan upang magsisi sila at mangatakot sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan, at tulungan kami na patuloy na ituro ang iyong Salita at ipatupad ang iyong mga utos sa buhay ng aming mga kasapi, manggagawa, pamilya, at kapisanan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na yumaon at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at magsanay na mga*

*manggagawa na yumaon at magtanim ng mga bagong pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios,' Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito na magdadala ng bunga na nais mo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 1. Daniel 1:1-7. 2 Hari 23:36-37. Levitico 17:1-9. Roma 12:1. Daniel 4:8. 2 Hari 20:12-19. 2 Cronica 32:31.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com